

SI WILLIAM BURCHELL BASHYR PICKARD, MAKATA AT NOBELISTA, UK

Marka:

Paglalarawan?: W. B. Bashyr Pickard B.A. (Cantab), L.D.(London), ang may-akda ng malawak na reputasyon na ang mga sinulat ay kinabibilangan nina Layla at Majnun, The Adventures of Alcassim, at A New World, ay nagsasalaysay sa kanyang kuwento ng kanyang pakikipagsapalaran sa Islam pagkatapos ng paghihirap ng malubhang pinsala sa WWI.

Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Personalidad](#)

Ni: William Burchell Bashyr Pickard


Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 01 Jul 2007

“Ang bawat bata ay ipinanganak na may pagnanais patungo sa likas na relihiyon ng pagsunod (i.e. Islam); ang mga magulang ang gumagawa sa kanya na isang Hudyo, Isang Kristiyano o isang Magian.”(Saheeh Al-Bukhari).

Ipinanganak ako sa Islam, maraming taon bago ko napagtanto ang katotohanang ito.

Sa paaralan at kolehiyo ako ay abala, marahil masyadong matindi, sa mga gawain at pangangailangan ng lumilipas na panahon. Hindi ko itinuturing ang aking matagumpay na buhay ng mga araw na iyon na maningning, ngunit ito ay progresibo. Sa gitna ng Kristiyanong kapaligiran tinuruan ako ng mabuting buhay, at ang pag-iisip sa Diyos at ang pagsamba at ang katuwiran ay nakalulugod sa akin. Kung sumamba ako sa anumang bagay, ito ay kadakilaan at katapangan. Mula sa Cambridge, nagpunta ako sa Gitnang Aprika, dahil nakakuha ako ng isang tipan sa pangangasiwa ng Tagapagtanggol ng Uganda. Doon ay nagkaroon ako ng isang kawili-wili at kapana-panabik na buhay nang higit sa kung ano, mula sa Inglatera pinangarap ko, at napilitan sa mga pangyayari, na manirahan kabilang ng mga itim na kapatiran ng sangkatauhan, na maaari kong sabihin na ako ay napamahal sa mga kadahilanan ng kanilang simpleng masayang pananaw sa buhay. Ang Silangan ay palaging nakakaakit sa akin. Sa Cambridge, nabasa ko ang *Arabian Nights*. Nag-iisa ako sa Aprika at nabasa ko ang *Arabian Nights*, at ang masalimuot na pagala-galang buhay na pinag daanan ko sa Uganda Protectorate ay hindi nagpabawas ng pagmamahal ko sa Silangan.



Pagkatapos nito, nasira ang aking mapayapang buhay sa Unang Digmaang Pandaigdig. Nagmadali akong makauwi sa Europa. Nasira ang aking kalusugan. Habang nagpapagaling, humiling ako para sa isang komisyon sa Hukbong-katihan, ngunit dahil sa kasalukuyang kalusugan ito ay tinanggihan. Kaya't binawasan ko ang pinasala at umanib sa Yeomanri, kinakaya kahit papaano upang malampasan ang mga doktor at, sa aking ginhawa, nabigyan ako ng uniporme bilang isa sa tropa. Naglingkod ako noon sa Pransya sa Western Front, nakibahagi ako sa labanan ng Somme noong 1917, kung saan ako ay nasugatan at naging bilanggo ng digmaan. Naglakbay ako sa Belgium patungo sa Alemanya kung saan ako ay tumuloy sa isang ospital. Sa Alemanya, nakita ko ang halos lahat ng mga pagdurusa ng nasugatang sangkatauhan, lalo na ang mga Ruso na pumanaw dahil sa disinteria. Humantong ako sa pagkagutom. Ang aking sugat (putol na kanang braso) ay hindi agad gumaling at wala akong silbi sa mga Aleman. Kaya't ipinadala ako sa Switzerland para sa paggagamot at operasyon sa ospital. Naaalala ko kung gaano ko kamahal, kahit na sa mga panahong iyon, ang pag-iisip sa Quran. Sa Alemanya, nagsulat ako para maipadala sa akin ang isang kopya ng Quran. Sa mga sumunod na taon, nalaman ko na ito ay naipadala ngunit hindi ito kailanman umabot sa akin. Sa Switzerland, pagkatapos ng [operasyon] ng aking braso at paa, gumaling ang aking kalusugan. Kaya ko ng lumabas at bumalik. Bumili ako ng isang kopya ng salin sa Pranses na Quran ng Savary (ito ngayon ay isa sa aking pinakamamahal na pagmamay-ari). Doon, nasiyahan ako nang labis na kasiyahan. Ito ay parang isang sinag na walang hanggang katotohanan na sumilaw sa aking pagpapala. Ang aking kanang kamay ay hindi pa rin nagagamit, nagsasanay ako sa pagsulat ng Quran gamit ang aking kaliwang kamay. Ang aking pagmamahal sa Quran ay higit pang mapapatunayan kapag sinabi ko na ang isa sa mga pinaka-malinaw at katangi-tanging alaala na mayroon ako sa Arabian Nights ay ang bata na natagpuan nang buhay na nag-iisa sa lungsod ng mga patay, nakaupo sa pagbabasa ng Quran, hindi alintana ang kanyang paligid. Sa mga araw na iyon sa Switzerland, ako ay tiyak na sumuko sa kalooban ng Diyos (Muslim). Matapos lagdaan ang Pagtigil ng Labanan, bumalik ako sa London noong Disyembre 1918, at ilang dalawa o tatlong taon ang lumipas, noong 1921, kumuha ako ng isang kurso sa pag-aaral ng panitikan sa Unibersidad ng London. Ang isa sa mga paksang napili ko ay Arabe, lektura kung saan ako nag-aral sa King's College. Isang araw ang aking propesor sa Arabe (G. Belshah ng Iraq) sa gitna ng aming pag-aaral ng Arabe nabanggit ang Quran. "Naniniwala ka man o hindi," aniya, "makikita mo ito na isang kagiliw-giliw na libro at mahusay na karapat-dapat pag-aralan." "Oh, ngunit naniniwala ako dito," ang sagot ko. Nagulat sa pahayag na ito at labis na nagka-interes ang aking guro sa wikang Arabe, na pagkatapos ng isang maliit na pag-uusap ay inanyayahan ako na samahan siya sa London Prayer House sa Notting Hill Gate. Pagkatapos nito, madalas akong dumalo sa Prayer House at nalaman ko ang mga kasanayan ng Islam, hanggang sa araw ng Bagong Taon, 1922, kusang sumali ako sa pamayanan ng Muslim.

Iyon ay higit sa pang-apat na bahagi ng isang siglo na ang nakalilipas. Mula noon namuhay ako ng buhay Muslim sa teorya at kasanayan hanggang sa abot ng aking kakayahan. Ang kapangyarihan at karunungan at awa ng Diyos ay walang hanggan. Ang mga larangan ng kaalaman ay lumalawak sa ating harap na lumalagpas sa abot-tanaw. Sa ating paglalakbay sa buhay, tinitiyak kong ang tanging angkop na kasuotan na maaari nating isuot ay ang pagsuko, at sa ating mga ulo ay ang gora ng papuri, at sa ating puso ay pagmamahal sa lisang Kataas-taasan. "Wal-Hamdu lil' Lahi Rabbi 'l-'Alameen (Ang

papuri ay para sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga mundo).”

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/55/si-william-burchell-bashyr-pickard-makata-at-nobelista-uk>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.